


# CalScope – Ang COVID-19 Antibody na Pag-aaral ng California

## Fact Sheet para sa Lokal na Mga Kasosyo

### Ano ang CalScope?

CalScope ay isang batay sa populasyon na [serosurvey](#) na tutulong sa California Department of Public Health (CDPH) na alamin kung gaano karaming taga-California ang may antibodies sa SARS-CoV-2, ang virus na nagdudulot ng COVID-19. Ang pag-aaral na ito ay makakatulong din sa CDPH na malaman kung paano ang kaligtasan sa populasyon sa COVID-19 na virus ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon. Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay upang maintindihan kung gaano karaming mga taga-California ang nahawaan ng SARS-CoV-2 o nakatanggap ng COVID-19 na bakuna at paano ito nag iiba-iba sa mga subgroup (hal., ayon sa rehiyon, edad, lahi at etnisidad, atbp.).

Ang pag-aaral na ito ay nilayon na umakma sa kasalukuyang mga pagsisikap ng mga lokal na programang pangkalusugan. Ang impormasyon mula sa pag-aaral na ito ay maaaring makatulong sa mga programa sa lokal na pangkalusugan sa kanilang kasalukuyang mga pagsisikap na isulong ang pagbabakuna at itigil ang pagkalat ng COVID-19 sa kanilang mga komunidad.



### Bakit mahalaga ang pag-aaral na ito?

Ang data mula sa mga pag-aaral tulad ng CalScope ay umaakma sa data ng estado sa COVID-19 upang matulungan ang mga pinuno ng pampublikong kalusugan na maunawaan kung paano kumalat ang virus sa buong estado at aling mga komunidad ang nananatiling nasa panganib para sa COVID-19 sa California. Ang pag-unawa kung paano maaaring magkaiba ang mga COVID-19 na antibodies sa mga grupo ay makakatulong din sa amin na matukoy kung aling mga populasyon ang maaaring makinabang mula sa karagdagang mga mapagkukunan. Magbasa nang higit pa tungkol sa [Pangako ng California sa pantay na kalusugan](#).

### Sino ang kasangkot?

Upang manguna sa pag-aaral sa CalScope sa California, ang CDPH ay nakikisama sa Stanford University School of Medicine at sa pitong mga departamento ng lokal na kalusugan sa Alameda, El Dorado, Kern, Los Angeles, Monterey, San Diego, at Shasta na mga county. Ang mga sambahayan ng mga county na ito ay sapalarang pinili at inimitahan na lumahok sa CalScope.

### Paano ginagawa ang CalScope?

Hanggang isang matanda at/o isang bata mula sa bawat sambahayan ang iimitahan na kumuha ng sariling sampol ng dugo sa bahay at kumpletuhin ang isang hindi-nakikilalang survey tungkol sa sambahayan at sa indibidwal na demograpiya, mga pag-uugali, at epekto ng COVID-19 na pandemya. Ang mga kalahok ay karapat-



Para sa karagdagang impormasyon,  
mag-email sa  
[CalScope@cdph.ca.gov](mailto:CalScope@cdph.ca.gov).



dapat na tumanggap ng isang \$20 na gift card para sa bawat nakumpletong pagsusuri sa sampol ng dugo at isang \$20 na gift card para sa nakumpletong pagsiyasat.

**Ang paglahok sa pag-aaral na ito ay libre at kumpidensyal.** Ang pag-aaral na ito ay hindi magtatanong tungkol sa katayuan ng pagkamamamayan. Ang indibidwal na impormasyon ay hindi maaaring ibahagi sa anumang iba pang programa ng pamahalaan. Ang mga kalahok ay hindi hihilingin na magbigay ng personal na impormasyon, tulad ng pangalan o petsa ng kapanganakan, at anumang impormasyong nakolekta ay gagamitin para sa mga layunin ng pag-aaral na ito lamang. Kung ang mga kalahok sa iyong mga komunidad ay may mga tanong tungkol sa pakikilahok sa CalScope, maaari mong ibahagi sa kanila ang [mga FAQ ng CalScope](#) upang tumulong na sagutin ang mga karaniwang tanong.

## Paano makakatulong ang pag-aaral na ito sa aking komunidad?

Nilalayan ng CalScope na makilala ang mga tao kung nasaan sila: sa tahanan. Ang pag-aaral na ito ay nangongolekta ng hindi kilalang impormasyon mula sa mga kalahok kahit na hindi nila ma-access ang isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Ang pag-aaral ay nangongolekta ng impormasyon tungkol sa mga impeksyon na maaaring napalampas.

Naiintindihan namin na mahalaga ang representasyon. Ang mas mataas na pagpapatala sa iba't ibang grupo sa iyong komunidad ay makakatulong sa amin na mangalap ng mas tumpak na data na kumakatawan sa magkaibang populasyon ng iyong county.

### Mga resulta mula sa pag-aaral na ito na maaaring makatulong sa mga organisasyon sa komunidad katulad ng sa iyo.

- Tanyahin kung gaano karaming indibidwal ang nasa komunidad ang may COVID-19 na antibodies (mula sa pagbabakuna o sa nakaraang impeksyon).
- Tukuyin ang mga bahagi o mga populasyon na may mataas na bilang ng hindi nadiagnos in impeksyon sa SARS-CoV-2.
- Tukuyin ang mga subgroup na maaaring nangangailangan ng karagdagang mga mapagkukunan.

